4

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 4
Aralin
2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 4**
**Kuwarter 4: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Shelani T. Nacilla (Malinta Elementary School – Valenzuela)

**Tagasuri**
- Jasper P. Lomtong (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br><br>**Nauunawaan ang tekstong naratibo (epiko).**<br>a. Naibibigay ang pagkakaiba at pakakatulad ng mga pangyayari.<br>**Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.**<br>**Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.**<br>a. panandang konteksto –kasalungat<br>**Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa kahulugan.**<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**<br>a. Panghalip Pamanggit<br>**Nagagamit ang mga angkop na elemento at simbolong kultural sa pagbuo ng tekstong biswal.** |

| | |
|---|---|
| **C. Nilalaman** | Unang Linggo<br>AKDANG NARATIBO:<br>Epiko<br><br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: *Panghalip Pamanggit*<br><br>TEKSTONG BISWAL:<br>Babala |
| **D. Integrasyon** | Pagpapa-halagang Moral at Pagpapakita ng Katapangan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|


Arguelles, D. J. (n.d.). K to 12 Gabay Pangkurikulum FILIPINO. *Www.academia.edu*. Retrieved February 29, 2024, from https://www.academia.edu/40013256/K_to_12_Gabay_Pangkurikulum_FILIPINO

*BIAG NI LAM-ANG*. (n.d.). Www.youtube.com. Retrieved February 29, 2024, from https://www.youtube.com/watch?v=inSegJQcBs4

*captain barbel marvels whole body Clipart - Yahoo Image Search Results*. (n.d.). Ph.images.search.yahoo.com. Retrieved from http://tinyurl.com/ewdpr7u3

*darna marvels whole body Clipart - Yahoo Image Search Results*. (n.d.). Ph.images.search.yahoo.com. Retrieved from http://tinyurl.com/4776wueb

*filipino doktor - Yahoo Image Search Results*. (n.d.). Ph.images.search.yahoo.com. Retrieved from http://tinyurl.com/2p8dbd27

Lloyd, J. (n.d.). *Biag ni Lam-Ang*. Buklat: Kuwentong Pilipino. https://buklat.blogspot.com/2009/09/biag-ni-lam-ang-ti-biag-ni-lam-ang-ang.html

*LR Portal*. (n.d.). Deped LR Portal. Retrieved from https://lrmds.deped.gov.ph/search?filter=&search_param=all&query=epiko

*LR Portal*. (n.d.). Deped LR Portal. Retrieved from https://lrmds.deped.gov.ph/search?filter=&search_param=all&query=epiko

*pinoy superheroes - Yahoo Image Search Results*. (n.d.). Ph.images.search.yahoo.com. Retrieved from http://tinyurl.com/bpyk3hjr

Republic Act No. 10533 | GOVPH. (2013, May 15). Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

*Log in or sign up to view*. (n.d.). M.facebook.com. Retrieved from http://tinyurl.com/yj4sf3t4

*current filipino police chief - Yahoo Image Search Results*. (n.d.). Ph.images.search.yahoo.com. Retrieved from http://tinyurl.com/3ded63tb


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

**1.Maikling Balik-aral**

**Paglalaro: HULARAWAN:** Pagtukoy sa mga *Pinoy Superheroes* gamit ang mga larawan.

Ipahula sa mga mag-aaral ang *Pinoy Superheroes* na nasa larawan. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng unti-unting pag-aalis ng kahon upang mabigyan ng *hint* o mahulaan ang larawan. Maaaring tumawag ng kinatawan o bumunot ng pangalan ng mag-aaral. Batay sa nahulaang larawan ay hikayatin ang mag-aaral na ilarawan o ibigay ang katangian ng bawat *Pinoy Superhero.*

Halimbawa:




Kinuha mula sa:
http://tinyurl.com/4776wueb

Sagot: Darna




Kinuha mula sa:
http://tinyurl.com/ewdpr7u3

Sagot: Capt. Barbel




Kinuha mula sa:
http://tinyurl.com/396nxvta

Sagot: Lastikman




Kinuha mula sa:
http://tinyurl.com/bpyk3hjr

Sagot: Panday

Pagsagot sa mga tanong ng guro gamit ang hugnayang pangungusap. Tiyaking hugnayang pangungusap ang isasagot ng mga mag-aaral.
Gabay na Tanong at mga halimbawang sagot

1. Paano humahaba ang espada ni Panday?

Ipapakita ang larawan na nasa *ppt* o maaaring takpan muna ito ng mga kahon upang unti-unting mabigyan ng *hint* ang mga mag-aaral sa larawang ipapahula.

Ang makakasagot ay may karagdagang puntos o maaaring bigyan ng *sticker reward* ang mag-aaral.

**Susing Sagot:**

1. Darna
2. Capt. Barbel
3. Lastikman
4. Panday

Ipaalala sa mga mag-aaral na tinalakay na sa Ikaapat na Kuwarter, Unang Aralin ang

| | | |
|---|---|---|
| | Hal. Sagot: Humahaba ang espada ni Panday kapag inilabas niya ang kanyang espada.<br>2. Bakit nagpapalit ng anyo ang ating Pinoy Superheroes?<br>Hal. Sagot: Nagpapalit ng anyo ang ating mga Pinoy Superheroes dahil mayroong nangangailangan sa kanila ng tulong.<br>3. Ano ang mangyayari kung iluluwa ni Darna ang kaniyang mahiwagang bato?<br>Hal. Sagot: Kung iluluwa ni Darna ang mahiwagang bato ay mawawalan siya ng kapangyarihan.<br>4. Kailan nagkakaroon ng kapangyarihan si Capt. Barbel?<br>Hal. Sagot: Nagkakaroon ng kapangyarihan si Capt. Barbel kapag binubuhat niya ang kaniyang barbell at sumisigaw siya ng “Capt. Barbel”.<br><br>**Karagdagang Tanong:**<br><br>1. Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng nahulaang larawan sa mga Diyos o Diyosa?<br>2. Ano ang mitolohiya?<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Pahapyaw na talakayin ito ng guro. Ipabasa sa mga mag-aaral.<br><br>Ang epiko ay tulang pasalaysay na nagsasaad ng kabayanihan ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao o supernatural na katangian. Ang paksa ng mga epiko ay karaniwang tumatalakay sa kabayanihan ng pangunahing tauhan sa kaniyang paglalakbay at pakikipaglaban sa mga kaaway na halos hindi mapaniwalaan dahil may mga tagpuang may kababalaghan at di kapani-paniwala. Bawat pangkatin ng mga Pilipino ay may maipagmamalaking epiko.<br><br>Ang salitang epiko ay galing sa salitang Griyego na “epos” na nangangahulugang “awit,” ngunit sa ngayon ito ay inilalahad na lamang sa paraang pasalaysay. Inilalarawan nito ang pamumuhay ng mga tao noon na ang iba ay makikita pa rin sa kasalukuyan. | tungkol sa Hugnayang Pangungusap at Mitolohiya. Bilang balik-aral, tukuyin ang sugnay na makapag-iisa at di makapag-iisa sa pangungusap. Tukuyin din ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga nahulaang larawan sa mga Diyos o Diyosa.<br><br>Batay sa kanilang sagot, sa tulong ng mga gabay na tanong ng guro ay maaaring ipatukoy sa mag-aaral ang sugnay na makapag-iisa at di makapag-isa.<br><br>Pagkatapos ng gawain ng Hularawan, tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kinalaman nito sa paksang tatalakayin. Tanungin din ang pagkakaiba at pagkakatulad ng nahulaang larawan sa mga Diyos o Diyosa na tinalakay noong nakaraang aralin. Ipatukoy muli sa mag-aaral ang kahulugan ng mitolohiya.<br><br>Tanungin din ang mga mag-aaral kung may naaala o dating nabasa silang kuwento na naglalarawan sa pakikibaka o kabayanihan (epiko).<br><br>Ipabasa ang kahulugan ng epiko at pahapyaw na talakayin ito sa mga mag-aaral.<br><br>Ipabasa ito sa mga mag-aaral. |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**PAGPAPAKILALA SA EPIKO**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Panuto: Magbibigay ng mga tanong.

- Ano-ano ang iyong pagkakakilala sa kanila bilang mga tauhan?
- Maituturing ba silang mga bayani? Bakit mo ito nasabi?

Pagkatapos masagot ang mga tanong ay magbibigay sila ng kanilang iba’t ibang pananaw
tungkol sa KABAYANIHAN. Gawin ito sa pamamagitan ng WORD ASSOCIATION

Pagkilala sa mga larawan at pagtukoy sa kanila batay sa pagkakakilanlan bilang tauhan. Ipasasagot sa mag-aaral ang mga tanong.

**Larawan A**



http://tinyurl.com/4776wueb
http://tinyurl.com/3ff9vtm2
http://tinyurl.com/ewdpr7u3

**Larawan B**



http://tinyurl.com/2p8dbd27
http://tinyurl.com/yj4sf3t4
http://tinyurl.com/3ded63tb

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Anu-ano ang pagkakakilala mo sa kanila?
2. Maituturing ba silang mga bayani?
3. Bakit mo ito nasabi? Ipaliwanag ang iyong sagot
4. Paano mo maipakikita ang kabayanihan sa ating kapwa?

Pagkatapos masagot ang mga tanong ay magbibigay sila ng kanilang iba’t ibang pananaw tungkol sa KABAYANIHAN. Gawin ito sa pamamagitan ng *WORD ASSOCIATION.*




**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**WIKALINANGAN:** Bago basahin ang kuwentong epiko, basahin ang bawat

Maaaring hindi larawan ang gamitin ng guro sa pagtukoy o pagkilala sa mga bayaning tauhan, maaaring ito ay sa pamamagitan ng pangalan.

Halimbawa.

| A | B. |
|---|---|
| Darna<br>Krystala<br>Capt. Barbel | Doktor<br>Guro<br>Pulis |

| | | |
|---|---|---|
| | pangungusap. Hulaan kung paano ginamit ang mga salitang may guhit sa paraang denotasyon at konotasyon. Isulat ang sagot sa patlang. Pag-aralan ang halimbawa.<br><br>**Denotasyon:** Maliwanag ang **<u>ilaw</u>** sa aming barangay samantalang madilim naman sa kabilang barangay.<br>**Sagot:** <u>bagay na nagbibigay liwanag</u><br>**Konotasyon:** Isa siyang maningning na **<u>ilaw</u>** sa gitna ng kalungkutan o dilim.<br>**Sagot:** <u>pag-asa, kasiyahan</u><br><br>Samakatuwid ang **denotasyon** ay ang literal na kahulugan ng salita o kahulugan mula sa diksiyonaryo; samantalang ang **konotasyon** ay ang malalim na pakahulugan sa salita o iba pang nais ipakahulugan.<br><br>Ang **denotasyon** ay pagbibigay kahulugan mula sa diksyunaryo. Ito ay pormal at literal na pagbibigay kahulugan sa salita. Ito ay masistemang pagtukoy ng salita mula sa orihinal na kahulugan.<br><br>Ang **konotasyon** ay dagdag na kahulugan o implikasyon ng isang salita. Ito ay nagbibigay ng iba't ibang salita. Ito ay nagbibigay ng iba't ibang pag-unawa at interpretasyon batay sa konteksto ng paggamit nito. Ito ay maaring mag-iba-iba ayon sa saloobin, karanasan, at sitwasyon ng isang tao. Isa sa paraan upang malaman ang kahulugan ng isang malalim na salita ay sa pamamagitan ng mga halimbawang ibinigay sa pangungusap.<br><br>Ang **Panandang Konteksto** ay mga salitang makatutulong upang mas maunawaan ang mga salitang mahirap intindihin. Isa sa paraan upang malaman ang kahulugan ng isang malalim na salita ay ang pagbibigay ng halimbawa o kasalungat na salita, sa paraang ito mas lubos na mauunawan ng mambabasa ang teksto.<br><br>**1. Denotasyon:** **<u>Malay</u>** si Ben sa totoong dahilan ng paglisan ng kaniyang kabiyak kahit pa itinago ito ng kaniyang mga magulang upang hindi siya masaktan.<br>**Sagot:** ____________________<br>**Konotasyon:** Ang mga **<u>Malay</u>** ay taong naninirahan sa Malaysia, Brunei at ibang bahagi ng Indonesia habang ang mga *Indian* ay katutubong Americano.<br>**Sagot:** ____________________<br><br>**2. Denotasyon:** Mamahaling **<u>bato</u>** ang natanggap ni ate mula sa kanyang kasintahan | Bago ipasagot sa mga mag-aaral ang bahaging ito ay talakayin muna ang kahulugan ng Denotasyon at Konotasyon.<br><br>Ipabasa ang halimbawa at ipaunawa sa mga mag-aaral.<br><br>**Mga Tamang sagot:**<br>**1. Malay**<br>denotasyon – may malay o kamalayan sa paligid at nagaganap<br>konotasyon – tao na nagmula sa lahing ito<br><br>**2. bato** |

| | | |
|---|---|---|
| | nang alukin siya nito ng kasal.<br>**Sagot:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Nilagyan ni ama ng **<u>bato</u>** ang gulong ng traysikel upang hindi ito umandar tulad ng iba habang inaayos.<br>**Sagot:** ______________________________<br><br>3. **Denotasyon:** Nasugatan siya nang mabagsakan ng **<u>tabla</u>** sa paa habang naglalagari.<br>**Sagot:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Napahiyaw sa tuwa si ama dahil **<u>tabla</u>** ang iskor sa *basketball.*<br>**Sagot:** ______________________________<br><br>4. **Denotasyon:** Mataas ang **<u>haligi</u>** ng aming bakuran kumpara sa aming kapitbahay.<br>**Sagot:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Maraming maasahan at masisipag na mga **<u>haligi</u>** ng tahanan subalit mayroon din naming tamad.<br>**Sagot:** ______________________________<br><br>5. **Denotasyon:** **<u>Madungis</u>** ang mga paa ni Ram dahil naglakad siya sa putikan samantalang malinis naman ang paa ni Rico dahil naglakad siya sa sementadong daan.<br>**Sagot:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Ang mga taong gumgawa nang masama ay may **<u>madungis</u>** na pagkatao kung ihahambing sa mga taong gumagawa nang mabuti na may malinis na kalooban.<br>**Sagot:** ______________________________<br><br>**Karagdagang Gawain**:<br><br>Basahing muli ang mga pangungusap na Denotasyon at Konotasyon sa itaas. Hanapin sa pangungusap ang **kasalungat** ng salitang may salungguhit.<br><br>Halimbawa.<br>1. **Denotasyon:** **<u>Malay</u>** si Ben sa totoong dahilan ng paglisan ng kaniyang kabiyak kahit pa **itinago** ito ng kaniyang mga magulang upang hindi siya masaktan. | denotasyon – mamahaling uri ng bato o diyamante<br>konotasyon – maliit na tipak ng bato; pangkalso<br><br>**3. tabla**<br>denotasyon – palapad na piraso ng kahoy<br>konotasyon – patas, pareho ng kinalabasan<br><br>**4. haligi**<br>denotasyon – poste<br>konotasyon – ama, itay<br><br>**5. madungis**<br>denotasyon – marumi<br>konotasyon – masama<br><br>Sa pangungusap na denotasyon at konotasyon ay maaari gamitin ang pangungusap na ibinigay na halimbawa at ipatukoy sa mag-aaral ang **kasalungat** ng salitang may salungguhit.<br><br>Talakayin na ang salitang magkasalungat at mga salitang magkaiba ang ibig sabihin. |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**KUWENTANUNGAN**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Biag ni Lam-ang (Epiko)**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Gawing patnubay ang gabay na mga tanong upang maiugnay ang dating mga karanasan ng mag-aaral sa inaasahang matututuhan bago basahin ang tampok na aralin.<br><br>**Mga tanong:**<br>1. Nakabasa ka na ba ng kuwentong tungkol sa kabayanihan at katapangan? Magbigay ng halimbawa.<br>2. May kilala ka bang bayani na nagtataglay ng katangiang nakahihigit?<br>3. Ano ang kaibahan ng epiko sa iba pang kuwento?<br>4. Bakit kaya mahalagang pag-aralan ang epiko ng ating bansa?<br><br>**Pagbasa ng Epiko**<br>**Biag ni Lam-ang**<br><br><br>***Halaw at kuha ang larawan mula sa:***<br>https://buklat.blogspot.com/2009/09/biag-ni-lam-ang-ti-biag-ni-lam-ang-ang.html<br>https://www.youtube.com/watch?v=inSegJQcBs4<br><br>Sa Lambak ng Nalbuan sa baybayin ng ilog Naguilian sa La Union ay may mag-asawang kilala sa pangalang Don Juan at Namangan. Nang malapit ng magsilang ng sanggol si Namangan, nilusob ng tribu ng Igorot ang nayon at pinatay ang maraming tauhan ni Don Juan. Sa laki ng galit, nilusob naman ni Don Juan ang mga Igorot upang ipaghiganti ang mga tauhan niya. Hindi na nakabalik si Don Juan sa kaniyang nayon. Ang naging balita, siya ay pinugutan ng ulo ng mga Igorot. Isinilang ni Namangan ang kaniyang anak. Ang sanggol ay nagsalita agad at siya na ang pumili ng pangalang Lam-ang at siya na rin ang pumili ng kaniyang magiging ninong. | Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago basahin ang epiko.<br><br>Makabubuting tumawag ng mga mag-aaral na magbabasa ng teksto nang may wastong damdamin o masining na pagkukwento.<br><br>Tiyakin na angkop ang diksyon ng salita o tekstong babasahin |

Nang malaman ni Lam-ang ang masakit na nangyari sa kaniyang ama, sumumpa siyang ipaghihiganti niya ang mga ito. Sa gulang na siyam na buwan pa lamang ay malakas, matipuno at malaking lalaki na siya. Ayaw man siyang payagan ng kaniyang ina upang hanapin ang bangkay ng kaniyang ama, ay nagpilit din si Lam-ang na makaalis. Kasama niya sa pagtungo sa lupain ng mga Igorot ang isang mahiwagang tandang, ang tangabaran at mahiwagang aso. Baon rin niya ang kaniyang talisman mula sa puno ng saging. Sa tulong ng kaniyang talisman ay madali niyang nalakbay ang mga kabundukan at kaparangan. Sa labis na pagod ni Lam-ang, siya ay nakatulohg. Napangarap niya ang mga Igorot na pumatay sa kaniyang ama na nagsisipagsayaw at nililigiran ang pugot na ulo ng kaniyang ama.

Nagpatuloy si Lam-ang sa paglalakbay at narating ang pook ng mga Igorot. Nakita niya ang ulo ni Don Juan na nasa sarukan, isang haliging kawayan. Hinamon ni Lam-ang ang mga Igorot. Pina-uwi ng mga Igorot si Lam-ang upang huwag siyang matulad sa ginawa nila kay Don Juan. Sumigaw nang ubod nang lakas si Lam-ang at nayanig ang mga kabundukan. Ang tinig niyang naghahamon ay narinig ng marami kaya't dumating ang maraming Igorot at pinaulanan si Lam-ang ng kanilang mga sibat. Hindi man lang nasugatan si Lam-ang.

Nang maubusan ng sibat ang mga Igorot ay si Lam-ang naman ang kumilos. Hinugot niya ang mahabang itak at para lamang siyang tumabas ng puno ng saging nang pinagpapatay niya ang mga kalaban. Umuwi si Lam-ang sa Naguilian. Naligo siya sa ilog ng Amburayan sa tulong ng mga dalaga ng tribu. Dahil sa dungis na nanggaling kay Lam-ang, namatay ang mga isda sa Ilog Amburayan at nagsi-ahon ang mga igat at alimasag sa pangpang.



Kinuha mula sa: https://www.youtube.com/watch?v=inSegJQcBs4

Matapos mamamhinga ay gumayak na si Lam-ang patungo sa Kalanutian upang manligaw sa isang dilag na nagngangalang Ines Kannoyan. Kasama ni Lam-ang kaniyang mahiwagang tandang at mahiwagang aso. Sa daan patungo sa Kalanutian ay nakalaban niya ang higanteng si Sumarang. Pinahipan ni Lam-ang sa hangin si Sumarang at ito ay sinalipadpad sa ikapitong bundok. Sa tahanan nina Ines ay maraming tao. Hindi napansin ni Lam-ang. Tumahol ang mahiwagang aso ni Lam-ang at nabuwal ang bahay. Tumilaok ang mahiwagang tandang. Muling tumayo ang bahay. Napansin ni Lam-ang. Ipinagtapat nina tandang at aso ang kanilang layunin. Nais pakasalan ni Lam-ang si Ines. Nagpadala si Lam-ang ng dalawang barkong puno ng ginto at nasiyahan ang mga magulang ni Ines. Si Ines at Lam-ang ay ikinasal nang marangya at marangal sa simbahan. Pagkatapos ng kasalan, bilang pagtupad sa kaugalian ng mga tao sa Kalanutian, kailangang manghuli si Lam-ang ng mga isdang Rarang.

Nakikinita ni Lam-ang na may mangyayari sa kanya, na siya ay makakain ng pating na berkahan. Ipinagbilin ni Lam-ang ang dapat gawin kung sakaling mangyayari ito. Si Lam-ang ay sumisid na sa dagat. Nakain siya ng berkahan. Sinunod ni Ines ang bilin ni Lam-ang. Ipinasisid niya ang mga buto ni Lam-ang. Tinipon ito at tinakpan ng saya ni Ines. Inikut-ikutan ng mahiwagang tandang at tumahol ang aso. Walang anu-ano'y kumilos ang mga butong may takip na saya. Bumangon si Lam-ang na parang bagong gising sa mahimbing na pagkakatulog. Nagyakap sina Lam-ang at Ines. Kanilang niyakap din ang kanilang aso at tandang. At namuhay silang maligaya sa mahabang panahon.



Kinuha mula sa: https://www.youtube.com/watch?v=inSegJQcBs4


**KUWENTANUNGAN:** Pagsagot sa tanong mula sa kuwentong napakinggan at binasa. Tiyakin ang kaangkupan ng salita / retorika o estilo sa pagpapahayag ng kasagutan.

**Mga Tanong:**

1. Ano ang nag-udyok kay Lam-ang upang magpatuloy sa paglalakbay?
2. Paano mo ilalarawan si Lam-Ang?
3. Paano ipinamalas ni Lam-ang ang kaniyang katapangan at kagitingan?
4. Kung ikaw ang anak ni Don Juan ay gagawin mo rin ba ang ginawa ni Lam-ang? Bakit?
5. Anong kaugaliang Pilipino ang ipinakita sa Epikong Biag ni Lam-ang?
6. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang kabayanihan sa iyong kapwa?
7. Gaano kahalaga ang epiko sa ating kultura?

**Gawain**

Ilarawan ang katangian ni Lam-ang gamit ang grapikong representasyon.




**MAGKATULAD O MAGKAIBA?**


1. **Pinatnubayang Pagsasanay**

Upang malinang ang komprehensyon at pag-unawa sa teksto ay hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga tanong ng guro sa paraang pasulat o maaaring pasalita. Tiyakin ang kaangkupan ng salita / retorika o estilo sa pagpapahayag ng kasagutan.

Maaring ibigay ang kahulugan ng **retorika** at **estilo** sa mga mag-aaral upang lubos nila itong maunawaan.

Ang **retorika** ay isang mahalagang karunungan ng pagpapahayag na tumutukoy sa sining ng maganda at kaakit-akit na pagsusulat at pagsasalita.

Gamit ang *Venn Diagram* ay tukuyin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pangayayari ginawa ng mga tauhan sa epiko. Isulat ito sa loob ng *Venn Diagram.* Piliin ang angkop na sagot sa loob ng kahon.




- Ipinakita ang katapangan sa pakikipaglaban
- Ipinamalas ang natatanging kalakasan o supernatural na kapangyarihan
- Nilusob ang mga kaaway
- Gumamit ng sibat sa pakikipaglaban
- Gumamit ng itak sa pakikipaglaban.
- Walang *supernatural* na kapangyarihan

**2. Paglalapat at Pag-uugnay**

Gamit ang simbolong bahagi ng ating kultura na mula sa tekstong binasa ay isulat ang nawawalang titik upang mabuo ang salitang tinutukoy ng pangungusap

Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/3mvcyk2z



1. Ang mga **I __ or__t** ay pangkat etniko na matatagpuan sa Luzon.

Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/uzwv7dup



2. Ang **t__ __ is __ __n** ay anting-anting o tinatawag na agimat na gamit ni Lam-ang.

Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/5n7ds627



3. Nakita niya ang ulo ni Don Juan na nakalagay sa **__ __ ru __ __n** o haliging kawayan.

Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/3ff9v



4. Nilusob ng **__ ri __ __** at pinatay ang mga tauhan ni Don Juan.

Kinuha mula sa: https://clipart-library.com/clip-art/rooster-silhouette-vector-18.htm http://tinyurl.com/3ff9vtm2tm2



5. Kasama ni Lam-ang ang kaniyang mahiwagang aso at **ta __ __ __ b __ r__n.**

Ang **estilo** ay isa sa pinakamatandang bahagi sa pagsusulat. Ito ay kabilang sa tradisyunal na kahingian ng retorikang klasikal.

Ipabasa muli sa mga mag-aaral ang pangyayaring naganap sa kuwento at ipatukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pangyayari sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang sagot sa loob ng *Venn Diagram.*

Maaaring magdagdag ng tauhan tulad ni Don Juan sa *Venn Diagram* o kaya naman ay maaaring sumipi o magbasa ng isa pang epiko sa susunod na araw at paghambingin ang mga pangyayari mula sa epikong nabasa. Tukuyin ang magkatulad at di-magkatuld na pangyayari.

**Mga Tamang Sagot:**
**Pagkakaiba: Lam-ang**
* Ipinamalas ang natatanging kalakasan o *supernatural* na kapangyarihan
* Gumamit ng itak sa pakikipaglaban

**Pagkakaiba: Igorot**
* Gumamit ng sibat sa pakikipaglaban

**Tanong:**
Bakit mahalaga na malaman ang mga kultura o epikong kuwento ng bawat pangkat etniko sa bansa? Paano ito makatutulong sa ating pang araw-araw na pamumuhay?

Pag-usapan ang bawat sitwasyon ng iyong kamag-aral batay sa babalang nakatala sa kaliwang bahagi ng talahanayan. Isulat sa kanang bahagi ang inyong kaalaman hinggil dito.

| BABALA | KAALAMAN |
|---|---|
|  https://www.youtube.com/watch?v=inSegJQcBs4 | 1. Ano ang babalang maaaring mangyari kay Lam-ang kung sakaling sisisid siya sa dagat? ________________________________ |
|  https://www.youtube.com/watch?v=inSegJQcBs4 | 2. Ano naman ang ibinilin ni Lam-ang sa asawang si Ines kung sakaling hindi siya makabalik mula sa pagkasisid? ________________________________ |

**WIKAALAMAN**

**Kaugnay na Paksa 2: Bahagi ng pananalita sa pagpapahayag - *Panghalip Pamanggit***

**Ipaunawa sa mga Mag-aaral:** Ang Panghalip Pamanggit ay parirala o kataga na tagapag-ugnay ng dalawang kaisipan o pananalita. Ang ilan sa mga halimbawa nito ay *daw*, *raw*, *umano*, *diumano*, *ani*, at *sa ganang akin o iyo*.

Dapat tandaan na "raw" ang gagamitin kapag ang sinusundang salita ay nagtatapos sa patinig o *vowel* (*a, e, i, o, u*) o malapatinig o *semi-vowel* na (w, y). Ang "daw" ay ginagamit kung hindi nagtatapos sa patinig o malapatinig ang sinusundang salita.

Hal: Si Lam-ang daw ay may kapangyarihan.
Nabuhay raw muli si Lam-ang.

* Walang *supernatural* na kapangyarihan

**Pagkakatulad:**
- Ipinakita ang katapangan sa pakikipaglaban

- Nilusob ang mga kaaway

Ipatukoy sa mga mag-aaral ang salita na dapat mabuo mula sa mga simbolong na bahagi nan g ating kultura.

**Mga Tamang sagot:**

1. Igorot
2. talisman
3. sarukan
4. tribu
5. tangabaran

Ipatukoy sa mag-aaral ang babala kay Lam-ang kung sakali siya ay sisisid sa dagat?

Sa bahaging ito ay maaaring tukuyin ang kahulugan ng babala sa mga mag-aaral at magbigay ng kaunting paliwanag at halimbawa tungkol sa babala.

Ang **babala** ay nagsasaad ng maaaring maging panganib sa

**Pagproseso ng Pag-unawa.**

Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Suriin kung ang pangungusap ay may panghalip pamanggit, lagyan ito ng puso. Lagyan naman ng tatsulok ang patlang kung wala.

____ 1. Mahal daw ang presyo ng bilihin ngayon.
____ 2. Aalis kami mamaya ni Rose.
____ 3. Siya ay sasali sa patimpalak ng pagtula.
____ 4. Nakakuha na sila diumano ng libreng bigas sa barangay.
____ 5. Ang lalaki raw ang mas malakas kaysa sa mga babae.
____ 6. Ikaw raw ang sasali sa paligsahan ng pagtakbo.
____ 7. Bakiw daw ayaw mong sumama kay Rex?
____ 8. Kinuha umano ni Jam ang lapis ko sa bag.
____ 9. Matapang daw si Lam-ang.
____ 10. Ang babae ani naliligaw sa daan.

1. **Pinatnubayang Pagsasanay.**
   Sumulat ng sariling pangungusap sa loob ng kahon gamit ang mga panghalip pamanggit na nakasaad.

**1. raw**

**2. daw**

**3. umano**

**4. diumano**

**5. ani**

**IKAAPAT NA ARAW**

2. **Paglalapat at Pag-uugnay.**

   Sa tulong ng panandang salitang may salungguhit. Tukuyin ang kasalungat nito at bilugan.

   1. **Nagpakita** ang lahat ng Igorot kay Lam-ang at ni wala kahit isa man ang nagtago.
   2. Nang kumahol ang aso ay **nabuwal** ang bahay subalit tumayo naman ito nang tumilaok ang Tandang.

buhay, estado o nararanasan ng tao.

Ipaalala sa mga mag-aaral na ang paksa tungkol sa Panghalip Pamanggit. Ipatukoy din ang mga halimbawa at wastong gamit nito.

Ang mga pangungusap na ginamit ay maaaring dagdagan pa ng guro upang lalong mapalawak ang kaalaman sa panghalip pamanggit.

Maaaring ang pangungusap na gagawin ng mag-aaral ay ayon sa kuwento o batay sa kaniyang karanasan. Maaari ding dagdagan ang gawaing gamit ang iba pang panghalip pamanggit.

Sa pangungusap na denotasyon at konotasyon sa mga naunang gawain ng guro ay maaari ring gamitin ang pangungusap na ibinigay na halimbawa at ipatukoy sa mag-aaral ang kasalungat ng salitang may salungguhit.

| | | |
|---|---|---|
| | 3. **<u>Marangya</u>** man ang naging kasal ni Lam-ang at Ines ay simple lang naman ang kanilang pamumuhay bilang mag-asawa.<br>4. Nang sumigaw nang ubod nang lakas si Lam-ang ay nayanig ang mga **<u>kabundukan</u>** maging ang mga nakatira sa kapatagan.<br>5. Sa kabila ng **<u>maiksi</u>**ng oras ng pagkakilala nina Lam-ang at Ines ay nabuhay naman sila sa mahabang panahon. | Karagdagang pagsasanay ay opsyonal lamang ayon sa kakayahan ng mag-aaral. |
| **D. Paglalahat** | 1. **Pabaong Pagkatuto**<br><br>**A.** Basahing muli ang tampok na teksto: "Ang Biag ni Lam-ang" Sa kuwaderno, sumulat ng dalawang mahahalagang pangyayari at iugnay ito sa iyong sariling karanasan.<br><br>Hal: Ipinakita ni Lam-ang ang kaniyang katapangan, tulad ko ay ipinakikita ko rin ang aking katapangan sa anumang pagsubok o hamon ng buhay na aking nararanasan.<br><br>**B.** Batay pa rin sa tekstong binasa, sumulat ng limang pangungusap at gamitan ito ng panghalip pamanggit. Guhitan ang mga panghalip pamanggit.<br><br>2. **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Basahing Mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br><br>1. Kung ikaw si Lam-ang ay ipaghihiganti mo rin ba ang iyong ama? Bakit<br>2. Magsalaysay ng iyong karanasan na nagpapakita ng katapangan. Humandang ibahagi ito sa klase. | Ipasulat sa mga mag-aaral ang mga natatanging pangyayari sa kuwento at hayaan silang iugnay ito batay sa kanilang karanasan. Maaaring gabayan ang mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay pa ng ibang halimbawa. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **WIKARUNUNGAN**<br>**Pagsusulit**<br><br>**A.** Basahin ang pangungusap na tumutukoy sa epiko at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang. | Linangin ang karunungan sa pamamagitan ng pagtataya. Ipabasang mabuti sa mga mag-aaral ang panuto.<br><br>**Mga Tamang Sagot:** |

_____ 1. Aling tulang pasalaysay ang nagsasaad ng kabayanihan ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao o *supernatural* na katangian?

A. alamat B. pabula C. epiko D. mito

_____ 2. Alin ang pangunahing katangiang taglay ng pangunahing tauhan sa epiko?

A. matapang at malakas
B. mabait at masunurin
C. makisig at mapera
D. matalino at maaasahan

_____ 3. Alin sa sumusunod ang isa sa katangian ng epiko?

A. ang mga tauhan ay may *supernatural* na katangian
B. tumatalakay sa buhay ng mga diyos at diyosa
C. nagsasalaysay sa buhay ng mga hayop
D. akdang pahulaan


_____ 4. Ano ang natatanging katangian ni Lam-ang?

A. Siya ay matapat at maasahan
B. Siya ay matulungin at mapagmahal'
C. Siya ay matapang at mahusay na mandirigma
D. Siya ay nagtataglay ay mapagmalasakit sa kapwa.

_____ 5. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI naglalarawan o tumutukoy sa epiko?

A. Nagbibigay ideya sa mga mambabasa ng tradisyon, kultura, literatura, relihiyon, paniniwala, lengguwahe at pagkakakilanlan ng isang lugar.
B. Nagsasaad ng lahat ng mga pangyayaring totoo at hindi katsang-isip
C. Tumutukoy sa kabayanihan ng pangunahing tauhan.
D. May mga tagpuang may kababalaghan at di kapani-paniwala.

**B.** Bakit mahalaga ang pag-aaral ng epiko? Isulat ang iyong sagot sa loob ng puso.



**RUBRIKS**


**C.** Bumasa ng isang pang epiko at ihambing ang mga pangyayaring magkatulad at magkaiba msa epikong Biag ni Lam-ang. Isulat ito sa loob ng *Venn Diagram.*

1. C
2. A
3. A
4. C
5. B

(Tingnan ang sagutang papel para sa rubriks na gagawin para sa aktibidad na ito.)

Epiko:

Biag ni Lam-ang




Epiko:

______________

**D.** Gamitin sa makabuluhang pangungusap ang mga pangalip pamanggit.

1. *raw* - ________________________________________________
2. *ani* - ________________________________________________
3. *daw* - ________________________________________________
4. *umano* - ______________________________________________
5. *saganang akin* - ________________________________________

**E.** Ipaliwanag ang ibig sabihin ng bawat babala.



Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/ypm7b34t

______________________________



Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/425frtc2

______________________________



Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/2m6z2d4u

______________________________



Kinuha mula sa: http://tinyurl.com/5n6p367b

______________________________

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

1. Bumuo ng pangungusap na konotasyon at denotasyon gamit ang mga sumusunod na salita.
   a. ulo b. lobo c. ginto
2. Pag-aralan ang tungkol sa Epiko para sa susunod na paksa.

<table>
<tr><td rowspan="5">F. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>G. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>